## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nakadalo ka na ba sa isang pagpupulong, o kaya, ay nakapamuno ka na ba sa isang pagpupulong? Maaaring ito ay isang hindi pormal na pagtitipon lamang o isang pormal na pagpupulong sa iyong pinagtatrabahuhan o sa inyong barangay.

Nakipanayam ka na rin ba? O nasubukan mo nang makipagpanayam sa ibang tao?

Ang pagdalo sa mga pagpupulong at pakikipagpanayam ay nagiging mahalagang gawain na ngayon ng maraming mga tao lalong-lalo na kung sila ay may negosyo, may propesyonal na trabaho, at kahit na sa ano pang ibang mga gawain na kailangang magkaroon nang pagkakaintihan at pagkakasunduan. May mga pagpupulong sa barangay, pagpupulong ng mga miyembro ng lokal na kooperatiba, pagpupulong ng mga asosasyon ng mga may-ari ng bahay sa isang subdibisyon o pagpupulong ng mga lokal na residente, at pagpupulong ng mga asosasyon sa pinagtatrabahuhan.

Upang maging maayos at magalang ang pamumuno sa pagpupulong at ganoon din sa pakikipagpanayam, iba-ibang mga pananalita ang ginagamit. Ang mga pananalitang ito ang magiging gabay mo upang maging maayos ang palitan ng pakikipag-usap at pagtatalakayan ng mga kasanib sa pulong. Ganoon din kung ikaw ay nakikipagpanayam. Kung ang mga angkop na pananalita ang gagamitin, nagkakaroon nang maayos at produktibong pagpupulong at pakikipagpanayam.

Ang modyul na ito ay may dalawang aralin. Ito ay ang:

Aralin 1 – *Ang Pamumuno sa Pagpupulong*

Aralin 2 – *Ang Pakikipagpanayam*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang makakaya mo nang:

- Gamitin ang mga angkop na pananalita para sa pagpupulong; at
- Gamitin ang mga angkop na pananalita sa pakikipagpanayam



# Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang basahin ang modyul na ito, subukan mong sagutin ang mga tanong na sumusunod para malaman mo kung anu-ano na ang mga alam mo tungkol sa paksa ng modyul na ito.

Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang na nakalaan sa tabi ng bawat bilang.

_____ 1. Ito ay grupo ng mga tao na nagtipon sa isang lugar at takdang oras para talakayin ang isang bagay at makagawa ng desisyon tungkol dito.

a. pakikipagpanayam
b. pagpupulong
c. demonstrasyon
d. talumpati

_____ 2. Ang pananalita na "sinisigundahan ko ang mosyon" ay nangangahulugan na

a. tumatangi ka sa mungkahi
b. nagbibigay ka ng mungkahi
c. sinusuportahan mo ang mungkahi
d. tapos na ang pagpupulong

_____ 3. Ang pananalita na "pinagtibay ang mungkahi" ay nangangahulugan na ang mungkahi ay

a. aprobado na
b. tinganggihan
c. sinuportahan
d. pinagpaliban muna

_____ 4. Alin ang pinakamagaling at pinakasimpleng pananalitang ginagamit para simulan ang pagpupulong?

a. "Simulan na ba natin ang pagpupulong?"
b. "Maging matahimik na upang masimulan na ang pagpupulong."
c. "Lahat kayo, makinig sa akin. Ang pagpupulong ay magsisimula na."
d. Tumahimik kayo. Sisimulan na natin ang pagpupulong."

_____ 5. Ang taong nagsagalita na "Iminumungkahi ko na ang susunod na pulong ay gaganapin sa unang araw ng Hulyo." ay nagbibigay ng suhestyon para

a. tapusin ang talakayan sa araw na iyon
b. huwag magpulong sa araw na iyon
c. tapusin ang pagpupulong sa araw na iyon
d. magtakda ng pagpupulong sa araw na iyon

_____ 6. Ito ay isang paraan ng pagpapalitan ng mga ideya o opinyon ng dalawang tao sa pamamagitan nang pagpalitan ng mga tanong at sagot.

a. pagpupulong
b. pakikipagpanayam
c. talumpati
d. demonstrasyon

_____ 7. "Pagpaumanhinan mo ako." ay ginagamit kung gusto mong ang nag-iinterbyu sa iyo ay

a. patawarin ka
b. humihingi ka ng pahinga
c. ulitin ang sinabi niya
d. tumigil sa pagsalita

_____ 8. "Ano ang pakiramdam mo tungkol sa …" ay tinatanong upang malaman ng nag-iinterbyu sa iyo ang

a. iyong opinyon
b. importanteng impormasyon
c. kaalaman tungkol sa isang paksa
d. kahusayan sa isang paraan

_____ 9. Kung hindi ka sigurado na ang ininterbyu mo ay gusto niyang ulitin mo ang sinabing niyang sensitibong impormasyon,

a. hindi mo ipapaalam sa kanya na sasabihin mo ito
b. tatanungin mo siya kung payag siyang itala ang kanyang sinabi
c. hindi mo isasali ang sinabi niya sa iyong report
d. magbigay ka ng sariling interpretasyon sa sinabi niya

_____ 10. Makakuha ka ng mga tiyak na sagot kung sasabihin mo sa ininterbyu mo na

a. ulitin niya ang kanyang sinabi
b. bigyan ng sarili mong pakahulugan ang sinabi niya
c. magpatuloy sa ibang paksa
d. magbigay ng mga halimbawa

Ano sa tingin mo? Nasagutan mo ba nang tama ang mga katanungan? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na pp. 37–38 ng modyul na ito.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ito upang maibalik-aralan ang mga nalalaman mo. Maaari ding maragdagan nito ang iyong nalalaman.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Matututo ka rin ng mga kaalamang magagamit mo sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, tiyak na masasagutan mong lahat ang mga pagsusulit at pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Ilipat ang modyul sa susunod na pahina upang masimulan ang Aralin 1.

ARALIN 1

# Ang Pamumuno sa Pagpupulong

Tumatawag tayo ng pagpupulong kung kailangan natin ang magkaroon ng maraming ideya, magbigay ng mga impormasyon, o magdesisyon na may konsultasyon sa mga kasama sa grupo. Sa mga pormal na pagpupulong, tulad ng mga pulong sa barangay, o pulong ng mga magulang at guro sa eskwelahan, may mga angkop na pananalitang ginagamit. Halimbawa nito ay "Maging matahimik na upang masimulan na ang pagpupulong." at "pinagtibay ang mungkahi". Ang mga pananalitang ito ay nakatutulong upang maging maganda ang takbo ng pagpupulong, maging maayos ang mga gawain at aksyon sa pagpupulong.

Pagkatapos mong basahin ang araling ito, inaasahang makakaya mo nang

- ♦ ipaliwanag ang kahulugan ng mga pormal na pananalita na ginagamit sa pagpupulong; at
- ♦ gamitin ang mga angkop na pananalita kung ikaw ang mamuno sa isang pulong.





## Makinig Tayo

Kunin ang audio tape na may pamagat na "Pwede ba tayong magpulong?". Pakinggan mo ang bahagi ng tape bilang 1 – side A, na kung saan ang isang dayalogo na gagamit ng mga angkop na pananalita sa pulong ay iyong mapapakinggan. Pakinggang mabuti at pansinin kung paano ginagamit ang mga angkop na pananalita sa pulong. Kung wala kang tape, maaari mong basahin ang dayalogo sa susunod na pahina.

Ang mga opisyales ng JMT Savings at Loan Cooperative ay nagpupulong. May dalawang aytem sa kanilang talaan ng pag-uusapan. Ang una ay ang pagbaba ng patubo at ang pangalawa ay ang aprobahan ang bagong logo.






G.Tagapangulo...
Ano 'yon, Mr. Cruz?
Iminumungkahi ko na hindi na kailangang basahin pa ang katitikan ng nakaraan nating pulong. Kakaunti lang ang oras natin ngayon at marami tayong mga mahalagang bagay na dapat pag-usapan.



Pinapangalawahan ko ang mungkahi.
Kung ganoon, hindi na natin ipababasa ang katitikan ng nakaraan nating pulong. Bb. Sekretary, maaari mo nang basahin ang dalawang aytem sa ating talaan ng pag-uusapan ngayon.



May dalawang aytem na kailangang talakayin natin. Ang una, ay tungkol sa mga paki-usap ng ilan sa ating mga myembro ng kooperatiba na babaan ang patubo na ipinapatong sa ating pautang. Ang pangalawa, ang bagong logo ng ating kooperatiba ay handa na at kailangang maaprobahan ngayon.
Maaari ba nating matanong sa ating taga-ingat-yaman ang tungkol sa mga kahilingan ng ating mga myembro na babaan ang patubo ng pautang.



Ang ilan sa ating mga miyembro ay lumapit sa akin tungkol sa patubo ng ating pautang. Hinihiling nila na kung maaari ay babaan ng kooperatiba ang patubo sa regular na pautang mula sa 13% pababa sa 10%. Sinasabi nila na ang kasalukuyang patubo ay masyadong mataas para sa karamihan nating mga myembro.
Gusto mo bang talakayin natin ang bagay na ito, G. Ora? Nagtataas ka ng iyong kamay.



Kung ipahintulot ninyo, G. Tagapangulo.
Ibibigay ko sa iyo ang karapatang magsalita, G. Ora.


Sa palagay ko ay kailangang sumang-ayon tayo na babaan natin ang patubo sa ating regular na pautang. Ito'y kailangang nakapako sa 12% sa halip na 10% lamang. Ang kikitain sa kooperatiba ay siguradong mababawasan kung ibababa natin ang patubo sa 10% lamang.
Sa palagay ko'y gusto ring magsalita si G. Abad. G. Abad, may sasabihin ba kayo?


Oo, G. Tagapangulo. Ipagpaumanhin ninyo ang aking hindi pagsang-ayon kay G. Ora dahil marami sa mga myenbro natin ay naniniwala na ang kabawasan na 3% ay hindi masyadong maka-apekto sa kikitain ng kooperatiba. Isa pa, hindi nila masyadong inintinde ang kinikita na galing sa patubo ng pera nila sa kooperatiba. Gusto nilang makuha ang kanilang pundo kung kailangan nila ang pera.
G. Tagapangulo, sumasang-ayon ako kay G. Abad.


May mga iba pa bang mga opinyon tungkol sa bagay na ito? Kung wala na, magbobotohan na tayo. Ang lahat na sumasang-ayon sa 10 % ay sumagot ng oo, at ang mga tutol naman ay magsabi ng hindi.
Oo!
Hindi!


Bb. Sekretary, nabilang mo ba kung ilang ang nagsabi ng oo?
Oo, G. Tagapangulo. Pito ang sumang-ayon at tatlo naman ang hindi.
Ang nanalo ay ang sumang-ayon.






## Subukan Natin

Sa miting ng mga opisyales ng Kooperatibang JMT, gumamit sila ng mga angkop na pananalita para sa isang pormal na pagpupulong. Natukoy mo ba ang mga ito?

Pakinggang muli ang tape o basahing muli ang dayalogo at subukang sagutan ang mga tanong.

1. Isulat ang mga pananalita na ginamit sa dayalogo na sa palagay mo ay bahagi ng mga pamamaraan ng isang pormal na pagpupulong.

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

2. Ihambing ang mga naitala mo sa listahan sa ibaba. Natukoy mo bang lahat ang mga angkop na pananalita?

   a. Tumahimik na tayo at magsimula na ang ating pulong.
   b. Mayroon ba tayong kurom?
   c. Iminumungkahi ko na…..
   d. Pinapangalawahan ko ang mungkahi.

e. May pag-uusapan ba tungkol sa bagay na iyan?
f. Magbobotohan na tayo.
g. Pinagtibay ang mungkahi.
h. Maaari bang itala ‘yan sa ating rekord?

Ngayon, subukan mong isulat sa simpleng mga pananalita ang mga kahulugan nito. Isulat ang iyong sagot sa ikalawang hanay sa ibaba.

| **Mga Pananalita** | **Kahulugan** |
|---|---|
| 1. Tumahimik na tayo at magsimula na ang ating pulong. | |
| 2. Mayroon ba tayong kurom? | |
| 3. Iminumungkahi ko na….. | |
| 4. Pinapangalawahan ko ang mungkahi. | |
| 5. May pag-uusapan ba tungkol sa bagay na iyan? | |
| 6. Magbobotohan na tayo. | |
| 7. Pinagtibay ang mungkahi. | |
| 8. Maaari bang itala ‘yan sa ating rekord? | |

3. Nakadalo ka na ba sa isang pagpupulong na pormal na mga pananalita ang ginamit? Ano pang mga ibang pananalita para sa pagpupulong ang alam mo? Isulat ang mga ito sa patlang sa ibaba.


_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 38–39 ng modyul na ito.



## Alamin Natin

Sa mga pagpupulong, hindi naman kailangan na maging masyadong pormal ang mga pananalita. Ang mahalaga ay gumagamit ka ng mga pananalitang angkop, at kailangang ang mga ito'y magalang at simple lang upang madali kang maintindihan ng mga taong kasama mo sa pagpupulong.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga pormal na pananalita na pinasimple. Pansinin na kahit ang mga pananalita sa bandang kanan ay mga simple lamang, ito'y angkop rin at madaling maintindihan.

| Sa halip na sasabihin mo'y: | Ganito na lang ang sasabihin mo: |
|---|---|
|   |   |
|   |   |
|   |   |

| Sa halip na sasabihin mo'y: | Ganito na lang ang sasabihin mo: |
|---|---|





Sa pagpipili ng mga opisyales sa isang organisasyon, mas mainam pa ring gamitin ang mga pormal na pananalita, dahil ang mga ito'y epektibo base sa mga sumusunod na dahilan:

- Sa paggamit ng mga pormal na pananalita, naiiwasan ang paggawa ng mga pasiyang hindi napag-aralang mabuti
- Nabibigyan ang lahat na miyembro nang pagkakataong makapagsalita
- Nakatutulong ang paggamit nito sa pagkaroon ng pasiya na base sa kagustuhan ng karamihan
- Ang mga pananalitang ito ay nakatutulong sa maayos na pamamahala ng pagpipili ng mga opisyales

Sa ibaba ay may ilan sa mga pananalitang ginagamit kung may eleksyon sa isang pagpupulong.








## Subukan Natin Ito

Kailan mo ginagamit ang mga sumusunod na pananalita? Ano ang ibig ipahiwatig nito?

1. Maaari bang tawagin ang pansin ninyo?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Mayroon bang ibig magbigay ng kanilang mga mungkahi? Handa akong makinig sa inyong mga mungkahi.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Maaari ba akong magsalita?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Maaari bang magdagdag sa sinabi mo?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

5. Maaari ba tayong magpatuloy? Pwede ba tayong magpatuloy?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

6. Maaari ba nating pagbotohan ito?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

7. Sumasang-ayon ba tayong lahat dito?

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

8. Nakapagpasiya na tayo.

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 40 ng modyul na ito.



## Alamin Natin


Kung minsan, ang pagpupulong ay nagiging magulo rin. Nahihirapan ang namumuno sa pagpupulong na panatiliing maayos ang pamamahala nito dahil sa pagkaiba-iba ng mga personalidad ng mga taong kasama sa pagpupulong. Narito ang ilan sa mga pananalita na maaaring gamitin sa mga sitwasyong may kaguluhan ang pamamahala sa pagpupulong tulad ng mga sitwasyong nakalarawan sa ibaba.













## Subukan Natin Ito



Subukan mong dumalo sa isang pagpupulong na kung saan may pagkakataon kang pagmasdan ang paggamit ng mga pormal na pamamaraan at pananalita. Maaaring ang miting o pulong na ito ay sa inyong barangay, sa asosasyon ng mga may-ari ng bahay sa isang subdibisyon, o pagpupulong ng lokal na kooperatiba, mga grupo ng kabataan o mga maybahay, o kahit na anong grupo na may pormal na mga opisyales, tulad ng presidente, sekretarya, taga-ingat yaman, at iba pa.

Ano man ang iyong namasdan, maaari mo itong talakayin sa inyong Instructional Manager, mga kasamang mag-aaral, kaibigan o mga kamag-anak. Tanungin mo sila tungkol sa kanilang naging karanasan sa pagdalo sa mga pormal na pagpupulong kung saan ginagamitan ng mga pormal na pamaraan at pananalita. Maaari rin namang magkita kayo ng iyong mga kasamang learners upang mag-ensayo kayo sa pamamahala ng isang pormal na pagpupulong sa pamamagitan ng pagganap ninyo sa mga papel ng mga opisyales ng grupo. Magpatulong kayo sa inyong Instructional Manager. Pagkatapos, talakayin ninyo kung paano mapabuti o mahasa ang inyong kaalaman tungkol sa paggamit ng mga pormal na pamamaraan at pananalita sa pamamahala ng isang pagpupulong.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Maghanap ng angkop na pananalita para sa sitwasyon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Gusto mong simulan na ang pagpupulong.

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

2. Gusto mong malaman kung handa nang bomoto ang mga kasama sa pagpupulong.

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

3. Gusto mong alamin ang mga pananaw ng mga kasamahan mo tungkol sa isyu.

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

4. Gusto mong lumahok sa talakayan ang isang kasamang mahiyain.

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

5. Gusto mong sabihin sa kasama ninyong masyadong madaldal na pagbigyan naman ang ibang kasamahan na makapagsalita.

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 41 ng modyul.


## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na:

- Ang **pagpupulong** ay isang gawain kung saan ang grupo ng mga tao ay nagtitipon sa isang lugar at takdang oras upang mag-usap tungkol sa mga bagay o gumawa ng pasiya tungkol sa mga bagay-bagay
- May mga angkop na pananalita na ginagamit para ang pamamahala ng pagpupulong ay maging maayos, mahusay at produktibo.
- Ang mga pormal na pananalita na ginagamit sa pagpupulong ay maaaring gawaing simple subalit hinda naman nababago ang kahulugan nito.

# Aralin 2

# Ang Pakikipagpanayam



Karaniwan nating nakikita sa telebisyon na kinakapanayam ng TV reporter ang mga politiko o mga artista. Kung tingnan natin sa tv, parang madali lang ang pakikipagpanayam. Ito'y dahil sa ang mga reporter o mga mamamahayag ay nagpakabihasa sa pakikipagpanayam.

Sa araling ito, matututuhan mo ang ilan sa mga mahalagang pananalita na ginagamit sa pakikipagpanayam. Ang mga pananalitang ito ay makatutulong sa iyo upang maayos mo ang iyong pakikipagpanayam. Maliban pa rito, magagamit mo ang mga pananalitang ito upang makakuha ka ng maraming kailangang impormasyon sa iyong kinakapanayam.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- Tukuyin ang mga angkop na pananalita na ginagamit sa pakikipagpanayam; at
- Gamitin ang mga angkop na pananalita sa iyong pakikipagpanayam.



## Subukan Natin Ito

Maraming mga angkop na pananalita na magagamit sa pakikipagpanayam. Halimbawa:

- May mga angkop na pananalitang ginagamit upang simulan at tapusin ang isang panayam.
- Kung ang kinakapanayam mo ay nagbibigay ng mga pangkalahatan o karaniwang sagot, maaari kang gumamit ng mga pananalitang makapagbibigay sa iyo ng mga tiyak na sagot.
- Kung ang kinakapanayam mo ay nagbibigay ng mga pangkaraniwang sagot, maaari kang gumamit ng mga angkop na pananalita na makapagbibigay nang mas malalim na mga impormasyon.
- Kung ang kinakapanayam mo ay maraming sinasabing iba-ibang bagay, maaari kang gumamit ng mga angkop na pananalita upang matutukan ng kinakapanayam mo ang paksa na gusto mong talakayin
- Sa parehong pamamaraan, may mga angkop na pananalita na nagagamit hindi lamang para makuha mo ang ideya ng iyong kinakapanayam, kundi kunin na rin pati ang kanyang opinyon.

Anu-ano sa palagay mo ang mga pananalitang ito. Isulat ang mga ideya mo tungkol dito sa mga patlang sa ibaba.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________


Ihambing ang iyong sagot sa mga pananalitang mababasa mo sa dayalogo sa susunod na pahina.

# Makinig Tayo


Ang sumusunod na dayalogo ay makatutulong sa iyo upang maintindihan mo kung paano makipagpanayam. Sa dayalogo, matutukoy mo ang mga angkop na pananalita na ginagamit kung makipagpanayam ka. Pakinggan ang tape bilang #2, side A, na pinamagatang "Pagpupulong at Pakikipagpanayam" habang binabasa mo ang dayalogo sa ibaba. Ito ay tungkol sa pakikipagpanayam sa isang mahalagang tao. (Inuulit ko, kung wala kang tape, maaari mong basahin na lang ang dayalogo sa ibaba.)

Mga tauhan:

| | |
|---|---|
| *Albert* | Tagapanayam, interesadong alamin kung paaano malutas ang problema sa kapaligiran |
| *Joselito Mendoza* | Ang kinakapanayam, isang Community Environment and Natural Resources Officer sa bayan ni Albert |









Alam ho ninyo na ang Barangay Maharlika ay may maraming suliraning pangkapaligiran noong mga nakaraang taon hanggang sa ngayon, pero mukhang kakaunting mga tao lamang ang gumagawa ng paraan upang malutasan ito. Bilang mga mag-aaaral sa NFE, naging proyekto namin ang maglikom ng mga impormasyon kung paano ang maayos na pangangalaga sa ating kapaligiran upang ang sakunang nangyari noong nakalipas na dalawang buwan ay hindi na mauulit.



Natutuwa ako at may mga taong nagiging aktibo sa pangangala sa ating mundo.
Kailangan ho, kung gusto pa nating mamuhay nang matagal sa ating mundo. Ang una naming binibigyan ng pansin ay ang ating basura. Ito ang dahilan ng mga maraming sakit. Ito rin ang nakababara sa ating mga kanal at mga ilog, na nagiging dahilan ng pagbaha. Paaano natin maiwasan ang pagdami ng basura?


Maraming mga paraan para magawa natin ito. Ang isa na rito ay ang paghiwa-hiwalay ng mga basura at ang pagrecycle. Syempre, kailangang alamin muna kung alin ang pwedeng ma-recycle at alin ang hindi pwede.
Siguro, sa una lang. Matagal nang ginagawa ito sa ibang mga bansa.
Hindi ba mahirap gawin 'yan?



Mababawasan ba ang ating basura kung pipiliin natin ang tamang mga pagkain?
Oo, kung ang kakainin natin ay mga prutas at gulay, kakaunti ang mga matitira basura o mga balat na itatapon, O, maaari siguro, na wala na tayong itatapon.


Totoo ho 'yan. Balikan ho natin ang pag-recycle. Maaari ho ba ninyong sabihin kung paano ito ginagawa?
Kadalasan, tinatapon natin ang mga basyong bote, lata at mga plastik na maaarin pa nating gamitin. Ang mga bote at lata ay maaaring gawing paglagyan o base. Maaari rin itong gawing magagandang palamuti sa ating bahay. Ang kailangan lamang ay kaunting arte at imahinasyon. Ang ibang mga tao ay nakapagtayo ng negosyo sa iba't ibang pag-recycle ng mga gamit.


Napag-aralan namin sa aming NFE sesyon na magiging mahirap ang pagkuha ng tubig sa hinaharap. Magiging mahirap din, lalong-lalo na ang pagkuha ng malinis at maiinom na tubig. Ngayon pa lang, marami nang bumibili ng tubig na inumin. Hindi kagaya nang dati. May magagawa ba tayo tungkol dito?


Aba, oo. Kung pinapanatili nating malinis ang ating kapaligiran, kung hindi tayo nagtatapon ng mga basura sa ilog at kanal, kung hindi natin sinisira ang ating mga kagubatan, kung mapipigil natin ang mga barko sa lokal at sa taga ibang bansa na magtapon ng kanilang mga dumi sa karagatan, kung magkaganoon, maaari nating makuhang muli ang mga tubig na naging kaunti na lang sa ibang bahagi ng ating bansa. Ang ating mga magsasaka ay kailangang matutong pumili ng itatanim bases sa suplay ng tubig. Ang mga tubig na ginamit ng mga industriya ay maaaring ibalik nila sa dating anyo nang ito'y unang gamitin nila. Sila ang may kaya at may perang gagamitin para gawin ito. At para sa mga pribadong mamamayan, na katulad natin, gamitin natin nang tama ang tubig sa ating bahay.


Totoo ho ba na ang mga golf courses, water parks at mga swimming pool ay maaaring maging dahilan ng kakulangan ngayon sa tubig?
Totoo 'yan. Ang mga golf courses at swimming pool na nangangailan ng maraming tubig at kumukuha ng tubig sa mga mababaw na ilog ang nagiging sanhi ng pagkatuyo ng mga ilog na ito.
Ano ang pakiramdam ninyo sa mga pag-uugali ng mga tao sa ating barangay tungkol sa ating kapaligiran?


Ah, oo. Hangga't mayrong tayong buhay, may pag-asa tayo - pag-asang magkakaroon ng pagbabaga tungo sa ikabubuti ng ating mundo. Kailangan ding turuan pa sila. Kailangan ding matuto tayo base sa mga aral na nakuha natin sa ating pagkakamali. Kung lahat tayo ay naunawaan ang ating responsibilidad sa mundong ating tinitirahan at maaalagaan natin ito nang maayos, tayo rin ang makikinabang dahil magiging maganda ang mundong ating tinitirahan.
Maganda ho ang inyong pananaw. Marami ho akong natutuhan sa pakikipagpanayam sa inyo, G. Mendoza. Marami hong salamat.



## Pag-usapan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod na tanong tungkol sa dayologong nabasa mo.

1. Sino ang kinapanayam ni Albert? Bakit siya ang pinili ni Albert na kapanayamin?

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

2. Sa dayalogo, gumamit si Albert ng iba-ibang mga pananalita habang kinakapanayam niya si G. Mendoza. Natukoy mo ba ang mga ito? Pakinggang muli ang tape o kaya'y basahing muli ang dayalogo at isulat ang mga pananalitang sa palagay mo ay bahagi ng tamang paraan sa pakikipagpanayam.

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

3. Sa palagay mo ba ang paggamit ng mga pananalitang natukoy mo ay nakatulong kay Albert sa kanyang pakikipagpanayam?

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________


   ________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 41 ng modyul.

## Alamin Natin

Ang sumusunod ay mga pananalitang ginagamit habang nakikipagpanayam. Ang mga pananalitang ito ay nakatutulong sa maayos na takbo ng pag-uusap at pakikipagtalakayan sa pagitan ng nagpapanayam at kinapapanayam.




… or...
Interesado rin akong malaman ang…
Para ipakita sa iyong kikapanayam na pinaghandaan mo ang tungkol sa paksang inyong tatalakayin para makakuha ka ng maayos na sagot:
Nabasa ko na...
… or...
May bagong pag-aaral na nagpapakita na…
Para makakuha ng tiyak na kasagutan:
Maaari ho bang magbigay kayo ng halimbawa?
… or
Paano ho 'yon?
Para kumuha ng pahintulot na ulitin ang sinabi ng inyong nakapanayam tungkol sa mga sensitibong bagay at maiwasan ang pagkakamali.
Maaari ko bang ulitin ang sinabi ninyo?




##  Pag-isipan Natin Ito

Balikan mo uli ang dayalogo sa pahina 22-26. Anong mga pananalita ang ginamit ni Albert nang kinapanayam niya si G. Mendoza? Isulat ang mga ito sa kaliwang hanay sa talaan sa ibaba. Pagkatapos, isulat ang layunin ng bawat pananalita sa kanang hanay.

| Mga Pananalita | Mga Layuhin |
|---|---|
| | |

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 42 ng modyul.



## Subukan Natin Ito

Sa gawaing ito, susubukan mong makipagpanayam. Sundan mo ang mga pamamaraan sa ibaba.

1. Pumili ng paksa na gusot mong talakayin sa iyong pakikipagpanayam.  Maaari kang pumili sa nakalista sa ibaba.

   ♦ Suliranin sa kapaligiran (halimbawa: polusyon)

   ♦ Ang nakaraang kalamidad (halimbawa: bagyo)

   ♦ Isang isyu sa komunidad (halimbawa: mga bata sa kalye)

   ♦ Isang problema sa komunidad (halimawa: mahinang sistema ng pagtatapon ng basura)

   ♦ Isang suliraning pangkalusugan (halimawa: pagdami ng sakit na dengue)

2. Pumili ng taong gustong mong kapanayamin tungkol sa paksang napili mo. Siya ang maaaring:

   ♦ Kamag-anak o kapamilya mo

   ♦ Opisyal sa inyong barangay o isang boluntaryong nagtatrabaho sa inyong komunidad

   ♦ Isang opisyal ng pangkalusugan

   ♦ Kasamahan mo sa trabaho

   ♦ Isang opisyal o myembro ng kooperatiba

3. Isulat ang mga tanong na gustong mong itanong sa iyong kakapanayamanin. Siguraduhin mo lang na ang mga tanong mo ay nauukol sa iyong paksa.

4. Mag-ensayo sa harap ng salamin. Habang ikaw ay nag-eensayo, gamitin ang mga pananalitang iyong natutuhan sa araling ito.

5. Kausapin mo ang taong gustong mong kapanayamin at humingi ka ng pahintulot. Maaaring ipagpaliban pa niya sa susunod na araw ay iyong pagpapanayam. Maaari mo rin siyang tanungin kung payag siyang marekord ang kanyang mga sasabihin para makapagdala ka ng tape recorder.

4. Gawin mo na ang pakikipagpanayam. Tiyakin mo lang na naisulat mong lahat ang kanyang mga sagot sa iyong mga tanong. Kailangang tandaan mo ang paggamit ng mga angkop na pananalita lalong-lalo na sa pagsisimula at pagtatapos ng iyong pakipanayam.

5. Talakayin mo at ng iyong *Instructional Manager* ang natapos mong pakikipagpanayam. Ibahagi mo sa kanya ang naging karanasan mo at naging pakiramdam mo habang nakikipagpanayam ka.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____ 1. Nang tanungin mo ang "Paano ho 'yon?" gusto mong ang sagot ng iyong kinakapanayam ay

a. magiging tiyak
b. talakayin ang ibang paksa
c. ulitin ang sinabi niya
d. balikan ang naunang paksa

_____ 2. "Gawing nakarekord" ay nangangahulugan na…

a. bigyan mo ng sariling interpretasyon ang sinabi niya
b. ipaulit mo sa kanya ang sinabi niya
c. hingan mo ng paliwanag ang kanyang sagot
d. maaari mong sabihin ang sinabi niya

_____ 3. "Mayroon pa ba kayong masasabing iba pa tungkol dito?"... ay magandang tanong kung gusto mong...

a. balikan ang naunang paksa
b. tapusin ang pakikipagpanayam
c. humingi ng dagdag na impormasyon tungkol sa paksa
d. palitan ang paksa

_____ 4. Nakukuha mo ang opinyon ng iyong kinakapanayam sa pagtatanong ng…

a. Maaari bang lumipat na tayo sa ...?
b. Nabasa ko ang …
c. Ano sa palagay mo ang tungkol sa …
d. Balikan natin ang …

_____ 5. Ano ang sasabihin mo kung hindi mo napakinggang mabuti ang sinabi ng iyong kinakapanayam?

a. Ano sa palagay mo ang ...?
b. Ipagpaumanhin ninyo, maaari bang ulitin ninyo ang inyong sinabi?
c. Payag ho ba kayong irekord ko ang sinabi ninyo?
d. Nabasa ko na …

B. Magbigay ng mga angkop na pananalita para sa mga sitwasyon sa ibaba.

1. Gusto mong palitan ang paksa o gustong mong gawing tiyak ang sagot ng iyong kinakapanayam.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Sisimulan mo ang pagpanayam.

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Gusto mong magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa paksang nabanggit na.

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Gusto mong ipaalam sa iyong kinakapanayam na naghanda ka para sa pakikipagpanayam.

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Gusto mong makakuha ng tiyak na sagot.

_____________________________________________

_____________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 42–44 ng modyul.



## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo:

- Ang mga pananalitang tulad ng "Maaari ko bang sabihing muli ang sinabi ninyo? O "Ano sa pagalay mo ang tungkol sa...? ay maaaring gamitin sa pakikipagpanayam.

- May mga angkop na pananalita para simulan ang pakikipagpanayam. Maaari mong gamitin ang mga pananalitang "Samalat at binigyan mo ng panahon ang pakikipagpanayam ko sa inyo." bilang pasimula o pangwakas ng panayam.

- May mga angkop na pananalita para makakuha ka ng mga tiyak na kasagutan, personal na opinyon at malalim na pananaw sa iyong kinakapanayam. Maaari mong gamitin ang mga pananalitang "Ano ang pakiramdam mo tungkol sa..." o "Ano sa palagay mo ang tungkol sa..." para makakuha ka ng tiyak na kasagutan, personal na opinyon at malalim na pananaw mula sa iyong kinakapanayam.

- May mga angkop na pananalita rin na makatutulong sa nagpapanayam na tukuyin ang paksa o palitan ang paksa. Ang ilan sa mga pananalitang ito ay "Balikan natin ang..." at "Maaari mo bang sabihin ang tungkol sa…".



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Gawing simple ang mga pananalita sa ibaba at ibigay at kahulugan o layunin nito. Isulat ang iyong sagot sa mga patlang sa ibaba.

1. "Tumahimik na tayo at sisimulan na natin ang pulong."

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

2. "Pumapayag ba ang butihing ginoo?"

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

3. "Pinapangalawahan ko ang mosyon."

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

4. "Gusto ba ninyong talakayin natin ang paksa."

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

5. "Ang kalakaran para ngayon ay atin nang talakayin."

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

B. Magbigay ng angkop na pananalita para sa mga sitwasyon sa ibaba. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon na nasa kabilang pahina. Isulat ang letra ng tamanag sagot sa patlang ng bawat bilang.

_____ 1. Gusto mong madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa paksang tinatalakay.

_____ 2. Gusto mong humingi ng pahintulot para sabihing muli ang sinabi sa iyo ng kinapanayam mo tungkol sa sensitibong paksa para hindi ka magkamali.

_____ 3. Gusto mong kunin ang kayang opinyon o kuro-kuro tungkol sa paksa.

_____ 4. Gusto mong palitan ang paksa o gusto mong maging tiyak ang sagot ng iyong kinakapanayam.

_____ 5. Magtatapos na ang iyong pakikipagpanayam.

a. "Maraming salamat at binigyan mo ng panaho ang pakikipagpanayam ko sa inyo."

b. "Ano ang pakiramdam ninyo tungkol sa...?"

c. "Maaari ko bang banggiting muli ang sinabi ninyo?"

d. "Maaari bang maiba tayo ng paksa...?

e. "May mga iba pa ba kayong masasabi tungkol sa..."

Nakuha mo bang lahat ang sagot? Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 45–47 ng modyul.

Kung ang nakuha mong tamang sagot ay:

9 – 10 Magaling! Marami kangnatutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang kumuha ng ibang modyul na pag-aaralan.

7 – 8 Mabuti! Balikan mo na lang nag bahagi ng modyul kung saan ka nagkamali.

5 – 6 Kailangang pag-aralan mong muli ang mga paksa sa modyul na hindi mo naintidihang mabuti.

0 – 4 Kailangang balik-aralan mo ang buong modyul.



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, napag-aralan mo na:

- May mga angkop na pananalita na ginagamit kapag mamuno sa isang pulong. Ang mga pananalitang ito ay makatutulong upang maging maayos ang talakayan ng pulong at upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat kasama na makibahagi sa pagpupulong.

- May mga angkop na pananalita na maaaring gamitin kapag nakikipagpanayam. Ang mga pananalitang ito ay ginagamit upang makakuha ka ng tiyak na mga sagot, malalim na pananaw at kuru-kuro sa iyong kinakapanayam. Nakatutulong rin ang mga pananalitang ito upang maging maayos at magiliw ang pakikipagpanayam.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–4)*

1. **(b)** ang tamang sagot. Ang pagpupulong o miting ay binubuo ng grupo ng mga tao na nagkasundong magtagpo sa isang lugar at takdang oras para talakayin ang mga nakasunduang paksa. Ang pakikipagpanayam ay isang paraan kung saan nagpapalitan ng kuro-kuro ang dalawang tao sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsasagot sa tanong. Ang demonstrasyon ay isang gawain na nagpapakita ng paraan ng paggawa, o kahusayan ng kilos. Ang talumpati ay isang pormal na pananalita at binibigkas sa harap ng maraming tao.

2. **(c)** ang tamang sagot. Ang pananalitang "Pinapangalawan ko ang mosyon." ay nangangahulugang sinusuportahan mo ang mungkahi. Hindi ito sinasabi upang tanggihan angmungkahi o para tapusin na ang pagpupulong.

3. **(a)** ang tamang sagot. Ang pananalitang "Pinagtibay na ang mosyon." ay nangangahulugang ang mungkahi ay aprobado na. Hindi ito ginagamit upang tanggihan, o ipagpaliban muna ang mungkahi.

4. **(a)** ang tamang sagot. Ang pinakatama at pinakasimpleng paraan para sabihin na sisimulan na ang pulong o miting ay "Maaari na ba nating simulan ang miting?" Ito ay maliwanag at magalang na pagsasabi hindi katulad ng ibang pagpipiliang sagot.

5. **(d)** ang tamang sagot. "Iminumungkahing kong itakda natin ang pagpupulong sa unang araw ng Hulyo." Ito ay nangangahulugan na ang grupo ay magtakda ng pulong sa petsang nakasaad.

6. **(c)** ang tamang sagot. Ang pakikipagpanayam ay isang paraan para magpalitan ng ideya o opinyon ang dalawang tao sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsasagot sa tanong.

7. **(c)** ang tamang sagot. "Ipagpaumanhin mo" ay ginagamit kapag gusto mong ipaulit sa iyong kinakapanayam ang kanyang sinabi na hindi mo naintindihang mabuti o talagang hindi mo naintindihan.

8. **(a)** ang tamang sagot. "Ano ang pakiramdam mo tungkol sa... " ay ginagamit upang malaman mo ang opinyon ng iyong kinakapanayam.

9. **(b)** ang tamang sagot. Kung hindi ka sigurado na papayag ang iyong kinakapanayam na ulitin mo ang mga sinabi niya tungkol sa sensitibong bagay, kailangang magpaalam ka sa kanya kung papayag siyang marekord ang kanyang sinabi.

10. **(d)** ang tamang sagot. Maaari kang makakuha ng mga tiyak na kasagutan sa pamamagitan ng paghingi ng mga halimbawa.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 10–11)*

1. Tumahimik na tayo at magsimula na ang ating pulong.
Mayroon ba tayong kurom?
Iminumungkahi ko na…
Pinapangalawahan ko ang mungkahi.
May pag-uusapan ba tungkol sa bagay na iyan?
Magbobotohan na tayo.
Pinagtibay ang mungkahi.
Maaari bang itala 'yan sa ating rekord?

2.

| Mga Pananalita | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Tumahimik na tayo at magsisimula na ang ating pulong. | Magsisimula na ang pulong. |
| 2. Mayroon ba tayong kurom? | Nakabuo ba tayo ng kailangang bilang ng miyembrong dadalopara matuloy ang pulong? |
| 3. Iminumungkahi ko na… | Iminumungkahi ko na… |
| 4. Pinapangalawahan ko ang . mungkahi. | Sinusuportahan ko ang mungkahi. |
| 5. May pag-uusapan ba tungkol sa bagay na iyan? | Mayroon bang gustong talakayin pa ang tungkol sa isyu o paksa? |
| 6. Magbobotohan na tayo. | Hihilingin ko sa inyo na pagbotohan natin ang tungkol sa isyu, paksa o panukala na tinatalakay. |

| Mga Pananalita | Kahulugan |
|---|---|
| 7. Pinagtibay ang mungkahi. | Ang panukala o mungkahi ay pinagtibay na. |
| 8. Maaari bang itala 'yan sa ating talaan? | Kung maaari sanang itala ng ating Sekretarya ang mga nasabi na o Natalakay at nang ito'y masama sa ating katitikan na pulong. |

3. Narito ang ilang mga halimbawa ng mga pananalitang ginagamit sa mga pagpupulong ang at mga kahulugan nito. Maaaring may mga iba ka pang mga halimbawa. Ipakita ang mga ito sa inyong *Instructional Manager* para sa karagdagang puna.

| Mga Pananalita | Kahulugan |
|---|---|
| a. Iminumungkahi ko… | Ang aking rekomendasyon ay si… Ang pinipili naming maging... |
| b. Ipagpaumanhin ninyo ang aking pagtutol... | Naiiba ang opinyon ko sa isyu o paksa na 'yan… |
| c. May mga iba pang ideya tungkol sa paksa? | May mga iba pang ideya tungkol sa paksa? |
| d. Maaari bang mabigyan ninyo ako ng pagkakataon na maipaliwanag ko ang aking opinyon. | Maaari ba akong makapagsalita tungkol sa paksa? |
| e. Maaari bang makinig muna kayo? | Maaari bang makapagsalita tungkol sa paksa? |
| f. Maaari bang makapagdagdag ako? | Maaari bang makapagsalita tungkol sa paksa? |
| g. Maaari bang magpatuloy na tayo? | Maaari bang ituloy na natin ang talakayan? |
| h. Ang paksa ay napagtibay na. | Sumang-ayon na ang lahat tungkol sa gagawin sa paksa o bagay na "yan. |

*Subukan Natin Ito (pahina 15)*

1. Maaari bang makinig muna kayo?

    Ang pananalitang ito ay ginagamit upang simulan na ang pulong o magkaroon nang kaayusan sa lugar ng pinagpupulungan.

2. May mga panukala ba kayo? Handa kong pakinggan ang mga panukala ninyo.

    Ito ay ginagamit kung gusto mong kunin ang ideya o opinyon ng iba pang mga kasama mo sa pulong.

3. Maaari bang makapagsalita?

    Ang pananalitang ito ay ginagamit kung gusto mong magsalita tungkol sa paksang pinag-uusapan o tinatalakay.

4. Maaari ba akong makadagdag?

    Ito ay ginagamit kung may gusto ka pang idaragdag doon sa sinabi ng iyong kasamahan.

5. Maaaring ba tayong magpatuloy? Pwede bang ituloy na natin ang pulong?

    Ito ay ginagamit kung gusto mong ipagpatuloy na ang pagpupulong.

6. Maaari ba tayong magbotohan na?

    Ang pananalitang ito ay ginagamit kung gusto mong ang mga kasama sa pulong ay boboto tungkol sa isyu o paksang tinatalakay. Ang pagboboto ay ginagamit upang magkaroon ng pagpasiya na base a desisyon ng karamihan.

7. Sumasang-ayon ba tayong lahat tungkol dito?

    Ang pananalitang ito ay ginagamit upang tiyakin kung ang lahat na kasama sa pulong ay sumasang-ayon sa pasiya na nagawa.

8. Ang napagtibay na ang bagay na iyan.

    Ang pananalitang ito ay ginagamit upang ipaalam sa lahat na kasama sa pulong na may desisyon o pagpasiya na nangyari tungkol sa paksa.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 18)*

1. Maaarin bang simulan na natin ang pulong?

2. Maaari bang magbotohan na tayo?

3. Maaari ko bang malaman ang opinyon ninyo tungkol dito? Maaari ba ninyong ibahagi ang pananaw ninyo tungkol sa paksang ito?

4. Gusto kong marinig ang bawat isa sa grupo. Isa-isa nating pakinggan ang pananaw ng bawat isa.

5. Kawili-wili ang inyong panukala. Ngayon, tingnan natin kung ano ang masasabi ng ibang kasama natin.

## C. Aralin 2

*Pag-usapan Natin Ito (pahina 26)*

1. Kinapanayam ni Albert si G. Joselita Mendoza, isang opisyal sa Community Environment and Natural Resources sa kanilan bayan. Oo, siya ang dapat kapanayamin dahil sa kanyang kaalaman kung paano makapagbigay ng proteksyon sa ating kapaligiran at likas na kayamanan.

2. a. Magandang umaga, G. Mendoza. Sana ay hindi ako naka-abala sa inyo dahil sa aking pakikipagpanayam.

   b. Kung mararapatin ho ninyo, gusto ko sanang irekord ang pagpanayam sa inyo….

   c. Alam naman ho ninyo na ang Barangay Mararlika….

   d. Ano ho ang pakiramdam ninyo tungkol sa…

   e. ...Marami ho akong natutuhan sa pakikipagpanayam sa inyo, G. Mendoza. Pinapasalamatan ko ho kayo.

3. Oo, sa palagay ko ang paggamit ni Albert ng mga angkop na pananalita ay nakatulong sa kanya sa pakikipagpanayam. Si Albert ay magalang at naging maayos ang daloy ng talakayan at ito'y naging kawili-wili rin. Nakakuha si Albert ng mga impormasyong kailangan niya. Hindi rin siya nahirapan sa pagkuha ng mga tiyak na sagot sa kanyang kinapanayam.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 29)*

| Expression | Purpose |
|---|---|
| 1. Magandang umaga, G. Mendoza. Sana ay hindi ako naka-abala sa inyo dahil sa aking pakikipagpanayam. | Upang simulan ang pagpanayam sa magandang paraan. |
| 2. Kung mararapatin ho ninyo, gusto ko sanang irekord ang pagpanayam sa inyo… | Upang humingi ng pahintulot na marekord ang panayam upang magkaroon ng wastong pagtatala. |
| 3. Alam naman ho ninyo na ang Barangay Maharlika… | Upang mabigyan ang kinakapanayam ng impormasyon tungkol sa paksa ng panayam at nang makakuha ng tiyak na mga sagot. |
| 4. Balikan natin ang pagrecycle… | Upang magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa paksang unang nabanggit |
| 5. Ano ang pakiramdam ninyo tungkol sa… | Upang makuha ang opinyon o ideya ng kinakapanayam |
| 6. …Marami ho akong natutuhan sa pakikipagpanayam sa inyo, G. Mendoza. Pinapasalamatan ko ho kayo. | Para tapusin ang pakikipagpanayam at pagbibigay ng pasasalamat sa panahon at kooperasyong binigay ng iyong nakapanayam. |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 31–33)*

A. 1. **(a)** ang tamang sagot. Gusto mong maging tiyak ang sagot sa iyo ng iyon kinakapanayam kung tatanungin mo ang “paano ho ba ‘yon?”. Halimbawa, hindi nagbigay ng tiyak na dahilan ang iyong kinakapanayam kung bakit may reklamo siya tungkol sa problema sa basura sa inyong komunidad. Sa pagtanong mo sa kanya kung “paano ho ba ‘yon?” mabibigyan mo ng pagkakataon ng magbigay ng tiyak na kasagutan ang iyong kinakapanayam.

2. (d) ang tamang sagot. “Ilagay sa rekord” ay nangangahulugan na maaari mong ulitin ang mga sinabi ng iyong kinapanayam. Halimbawa, nagbigay ng opinyon ang iyong kinakapanayam kung paano inaayos ng mga opisyal ng komunidad ang tungkol sa problema sa basura. Hihingi ka ng pahintulot kung maaari mong ulitin ang kanyang sinabi upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan.

3. **(c)** ang tamang sagot. A magandang paraan upang makakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa paksang tinatalakay ay ang pagtanong ng “Maaari bang magbigay pa kayo ng karagdagang inpormasyon tungkol sa…?” Halimbawa, nagbigay ang iyong kinapanayam ng maikling sagot tungkol sa suliranin sa basura ng inyong komunidad. Maaar mong itanong sa kanya ang “Maaari ho bang sabihin ninyo kung alon sa ating mga suliranin sa basura ang kailang malutas?”

4. **(c)** ang tamang sagot. Maaari mong kunin ang opinyon ng iyong kinakapanayam sa pagtanong ng “Ano ang opinyon ninyo tungkol sa...?” Halimbawa, kailangan mong malaman ang opinyon ng iyon kinakapanayam tingkol sa naidudulot ng mga pabrika sa problema sa polusyon. Maaari mo siyang tanungin ng “Ano ang opinyon ninyo tungkol sa polusyon na dulot ng mga pabrika dito sa ating barangay?”

5. **(b)** ang tamang sagot. Kung hindi mo narinig nang mabuti ang sinabi ng iyong kinakapanayam, maaari mong sabihin ang “Ipagpaumanhin ninyo.” Halimbawa, hindi mo narinig nang mabuti ang naging sagot ng kinakapanayam mo sa tanong mo tungkol sa kalinisan ng inyong komunidad. Maaari mong sabihin na “Ipagpaumanhin ho ninyo. Maaari ho bang ulitin ninyo ang inyong sinabi?”

B. Mga halimbawa ng mga angkop na pananalita para sa mga sitwasyon:

1. *Maaari ho bang talakayin natin ang tungkol* sa suliranin ng pagtatapon ng basura?

   *Gusto kong malaman ang* opinyin ninyo tungkol sa paggawa ng bagong parke sa ating komunidad.

   Ang mga pananalitang ito ay nagbibigay ng hudyat sa inyong kinakapanayam na tukuyin ang paksa o ibahin ang paksa.

2. *Maraming salamat sa pagpaunlak ninyo sa aking panayam*. Gusto kong malaman ang opinyon ninyo tungkol sa problema sa ating komunidad.

Ang pananalitang ito ay naghuhudyat na sisimulan na ang pagpanayam. Nagpapakita rin ito ng pasasalamat sa panahon at pagpaunlak niya sa iyong pakikipagpanayam.

3. *Balikan natin* ang tungkol sa suliranin sa pagtatapon ng basura. Ano sa palagay mo ang dapat gawin ng mga opisyales ng ating barangay?

   Ang pananalitang ito ay naghuhudyat sa iyong kinakapanayam na gusto mong magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa paksang inyong pinag-uusapan. Nakatutulong ito, lalong-lalo na kung nakalimutan mong magtanong tungkol sa paksang nabanggit mo na.

4. *Nabasa ko na* ang recycling ay isang paraan upang malutas ang problema sa basura.

   *Ayon sa bagong pag-aaral* ang mga tao ay mas pumapayag sa recycling bilang paraan ng pagtatapon ng basura.

   Ang mga pananalitang ito ay nagpapakita na pinaghandaan mo ang tungkol sa paksang inyong tatalakayin. Nagpapakita rin ito na handa at seryoso ka sa iyong pakikipagpanayam sa kanya.

5. *Maaari ho bang magbigay kayo ng halimbawa* kung paano natin malutas ang suliranin sa pagtatapon ng basura?

   Ang pananalitang ito ay nakakahinok sa iyong kinakapanayam na magbigay ng mga tiyak na kasagutan, lalong-lalo na kung hindi siya masyadong nagsasalita.

   Maaaring may mga alam kang ibang mga pananalita na angkop sa mga sitwasyong natalakay. Maaari mong ipakita ang mga ito sa inyong Instructional Manager para sa kanyang karagdagang puna.

## D. Anu-ano ang mga natutuhan mo? *(pp. 34–35)*

A. 1. *“Maaari bang simulan na natin ang pagpupulong?”*

Ang pananalitang ito ay mas simpleng gamitin sa pagtawag ng pansin ng mga kasama upang simulan na ang pagpupulong. Halimbawa, lahat ng mga kasam sa inyong grupo ay nasa loob na ng bulwagan. Maingay dahil halos lahat ay nagsasalita. Maaari mong simulan na ang pagpupulong sa pamamagitan ng pagsabi nang malinaw na “Maaari bang simulan na natin ang pagpupulong?”

2. “Maaari ba akong magsalita?”

Ang pananalitang ito ay mas simpleng gamitin kung gusto mong humingi ng pahintulot na makapagsalita, lalong-lalo na pagkatapos nang nakapagsalita ang isa ninyong kasama. Halimbawa, tinatalakay ng grupo ninyo ang tungkol sa maayos na pagtatapon ng basura. Ang isang kasama ninyo ay nagpanukala na pagkokompost. May iba kang ideya at gusto mo itong ipaalam sa grupo sa pamamagitan ng pagsabi ng “Maaari ba akong makapagsalita?”

3. “Sumusuporta ako...” o “Sumasang-ayon ako…”

Ito ay simpleng pananalita na ginagamit upang ipakita ang iyong pag-sangayon sa isang bagay. Halimbawa, ang isang kasama ng grupo ay nagmungkahi ng recycling bilang paraan ng pagbabawas ng basurang itatapon. Para ipakita ang iyong pag-sang-ayon, maaari mong sabihin ang “Sinusuportahan ko ang sinabi ni G. Garcia tungkol sa recycling.”

4. “Maaari ko bang kunin ang pananaw ninyo tungkol dito?” o “Maaari ba ninyong ibahagi ang pananaw ninyo tungkol dito?”

Ito ay simpleng pananalita upang himukin ang mga kasama sa pulong ma magbigay ng kanilang mga pananaw tungkol sa paksang tinatalakay. Halimbawa, pinag-uusapan ninyo ang tungkol sa proyekto ng pagtatanim sa inyong komunidad. Napuna mo na tahimik ang inyong grupo.

Para mahikayat ang mga kasama mo na makibahagi sa talakayan, maaari mong sabihin na “Maaari ko bang kunin ang mga pananaw ninyo tngkol sa ating proyektong pagtatanim ng punong-kahoy sa ating komunidad.”

5. “Maaari bang simulan na natin ang pulong ayon sa ating talaan ng pag-uusapan?”

   Ito ay simpleng pananalita upang simulan ang pulong ayon sa mga paksang nakatala sa talaan ng pag-uusapan. Halimbawa, gusto mo nang simulan ang talakayan tungkol sa paksang pinagbabawal na gamot sa inyong lugar. Maaari mong sabihin na “Maaari ba simulan na natin ang pulong ayon sa ating talaan ng pag-uusapan?” Ang ilan sa inyong mga kasama ay nagpahiwatig ng kanilang pag-alala tungkol sa pinagbabawal na gamot na binibenta sa inyong komunidad.

B. 1. **(e)** ang tamang sagot. Halimbawa, gusto mong kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa karanasan ng iyong kinakapanayam sa pag-aayos ng problema sa polusyon. Maaari mong itanong ang “Maaari mo bang ipaliwanag ang tungkol sa mga proyekto ninyong pinamahalaan na nakatulong sa pagsugpo ng suliranin sa polusyon sa ating lungsod?”

2. **(c)** ang tamang sagot. Halimbawa, gusto mong humingi ng pahintulot upang masabi mong muli ang naging opinyon ng iyong nakapanayam tungkol sa problema sa iligal na pasugalan sa inyong barangay. Maaar mong sabihin sa kanya, “Maaari ho bang maulit ko ang inyong sinabi?”

3. **(b)** ang tamang sagot. Halimbawa, gusto mong alamin ang opinyon o pananaw ng iyong kinakapanayam tungko sa isyu ng pag-aabuso sa mga hayop. Maaari mong itanong ang, “Ano ang pakiramdam ninyo tungkol sa pag-aabuso sa mga hayop?”

4. **(d)** ang tamang sagot. Halimbawa, kinakapanayam mo ang isang manggagawa sa pangkalusugan tungkol sa mga kaso ng mga mahinang kondisyon ng pangangatawan dahil sa kakulangan sa pagkain sa inyong komunidad. Gusto mong palitan ang paksa at ito ay tungkol sa mga karamdaman ng kabataan. Maaari mong itanong sa kanya ang, "Maaari ba nating pag-usapan ang tungkol sa mga karamdaman ng mga kabataan na nakakaapekto ngayon sa mga kabataan sa ating komunidad?'

5. **(a)** ang tamang sagot. Halimbawa, gusto mo nang wakasan o tapusin ang iong pakikipagpanayam sa inyong kapitan ng barangay. Maaari mong sabihin ang, "Maraming salamat sa panahong iniukol ninyo sa aking pakikipagpanayam."

## Talahuluganan

**Talaan ng pag-uusapan** Ang talaan ng mga paksang pag-uusapan sa isang Pulong

**Angkop** Nababagay, katanggap-tanggap o wasto

**Oo** Pananalita na ibig sabihin ay "sumasang-ayon"

**Pinagtibay** Aprobado, sumasang-ayon ang lahat

**Mamuno** Tagapamahala o nagbibigay ng direksyon

**Kooperatiba** Isang organisasyon na ang nagmamay-ari aat namamalakad ay mga taong kasapi sa organisasyon, at ang kita ay pinaghahati-hatian ng bawat kasapi

**Talakayin** Pag-uusapan

**Mahusay** Nakapagdudulot ng magandang resulta na hindi nag-aksaya ng panahon at gamit

**Pananalita** Isang salita o grupo ng mga salita

**Pormal** Seryoso

**Patubo** Ang perang sinisingil na patong sa perang pinautang

**Pakikipagpanayam** Ang paraan ng talakayan sa pagitan ng dalawang tao tungkol sa isyu o paksa sa pamamagitan ng palitan ng pagtatanong at pagsasagot sa tanong

**Pautang** Bagay na hiniram, lalong-lalo na ang pera

**Karamihan** Ang mas may higit na bilang ng tao o kasama sa grupo

**Katitikan** Isang maikling talaan o rekord ng mga sinabi at napagpasiyahan ng grupo sa isang pagpupulong

**Mosyon** Mungkahi o panukala

**Hindi** Pananalitang ibig sabihin ay "sumasalungat o walang pag-sang-ayon"

**Opinyon** Isang paniniwala o paghuhusga tungkol sa isang bagay o isang tao na hindi naman kailangang nababase sa katotohanan

**Kurom** Ang pinakakaunting bilang ng taong kailangang nakadalo sa pulong upang makapagsimula ang pulong at ang mga napagpasiyahan sa pulong ay masasabing mag basehan

**Pag-uulit** Ang pagbigkas ng mga salitang sinabi ng iba na maaaring nakasulat o sa talumpati

**Rekord** Isulat o itala

**Recycle** Gamitin ulit

**Tiyak** Detalyado o angkop, may kinalaman sa isang bagay

## Mga Sanggunian


DeVito, Joseph A. (1989). *The Interpersonal Communication Book (Fifth Edition)*. New York, USA: Harper and Row Publishers

Flores, Carmelita S. and Evelyn B. Lopez (1990). *Effective Speech Communication (Revised Edition)*. Metro Manila, Philippines: National Bookstore, Inc.